

1

Bumaon ang mga daliri ni Marcus sa malambot na upholstery sa tindi ng galit at paghihimagsik na bumangon sa kanyang dibdib.

“Bakit ako ang kailangang magsakripisyo?” galit na sigaw niya sa kapatid na noon ay prenteng nakaupo sa swivel chair.

Manaka-naka ay humihithit ito ng sigarilyo at nagbubuga ng usok.

“Bakit hindi? Babae ang anak ni Lucio. Natural na lalaki ang kailangan niyang pakasalan,” pilosopong sagot nito.

Which was unfair. Gusto na niyang managa sa isiping iyon.

“And between you and me, Dearest, well, let’s just say you have the right gonads,” patuloy ni Margarita Montecillo.

“Hahayaan mong isakripisyo ko ang panghabambuhay kong kaligayahan dahil lang nagkataong lalaki ako?”

“Exactly, Marcus. Kung ako ang naging lalaki, o di

kaya’y si Laika, I won’t pester you to get hitched. And don’t you get melodramatic about sacrifices, Marcus. You don’t even know the meaning of the word.”

Natameme siya. Magmula noong kabataan nila, magmula nang maulila sila sa ama’t ina, ito ang kauna-unahang pabor na hiningi ng kanyang ate. Ito ang bumuhay sa kanya, ang *bumubuhay* sa kanya. Ang nagsakripisyo upang maibigay sa kanya ang lahat ng kanyang mararangyang luho, kahit pa sabihing hindi siya nito kadugo. Paano niya ito matatanggihan?

Talunang napadako ang kanyang tingin sa labas ng silid. Isang one-way mirror ang dingding ng boardroom ng *Trinidad Towers*. Nakita niyang iniluwa ng elevator si Lucio Trinidad. Kawangis nito ang isang estatwang buhay—cold and indifferent.

“He’s here.”

“Ayoko.” Matigas ang anyong binalingan niya ang kapatid.

“Kung gusto mong masunod lahat ng mamahalin mong kapritso sa buhay, Marcus, if you want to have a life at all, I suggest you reconsider.”

Pumasok si Lucio, kabuntot ang executive assistant nito.

“Naayos mo na ang lahat, Margarita?” walang ligoy nitong tanong.

“Of course,” sagot ng kapatid niyang nanatili sa pagkakaupo. “And I expect na maayos na rin ang lahat from your end.”

“The merger has been thoroughly deliberated by the board. Hindi naging madali, but I got the results I wanted.”

“You always do, don’t you?” makahulugang saad ni Margarita.

Nanatiling poker-faced si Lucio. “Kumikilos na ang mga abogado ko as we speak. In a week, handa na ang lahat ng dapat pirmahan.”

“A week? I must say, napakabilis mong kumilos.”

“Is there any point in stalling? Alam kong alam mo na lumulubog na ako,” derechong sagot nito.

Nagpatuloy ang pag-uusap nito at ng kapatid niya na para bang wala siya sa silid.

“Bakit mo nga pala ipinatawag ang meeting na ito?” mayamaya ay tanong ni Lucio na sa wakas ay napansin din ang presensya niya.

“Oh, forgive my manners, Lucio. This is my

younger brother, Marcus Montecillo. Marcus, this is the famous Lucio Trinidad, ang magiging business partner natin.”

Nakipagkamay siya rito, never breaking eye contact.

“Well,” anas ni Margarita, “going back to your question, Lucio, naisip kong panahon na para magkakilanlan tayong lahat. After all, we are not only partners in this... endeavor. We’re going to be a family as well. Speaking of which, nas’an na si Laika? I did tell you to bring her with you, didn’t I?”

Hindi agad nakasagot si Lucio. “She’s not... here at the moment. Anyway, why should I bring her with me?”

“Where is she exactly?” derechong tanong ng kapatid.

Matagal bago sumagot si Lucio. “She... she ran away. Two weeks ago. Nagkaroon kami ng isang dipagkakaunawaan. Hindi ko alam kung nas’an siya. Although, I would hazard a guess that she’s probably lounging at some beach resort right now.”

“My, that’s too bad. My brother here is dying to meet his future wife.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Lucio, ngunit bago pa nito maisatinig ang pagkalito, inunahan na ito ni Margarita.

“Magkakaroon lang ng merger kung ang kapatid kong si Marcus na isang lehitimong Montecillo, and your daughter—a legitimate Trinidad—are wed.”

Naikuyom ni Marcus ang mga palad, habang si Lucio ay tila sobrang nagulantang para makapagsalita.

“You’ve got to be joking, Margarita,” sabi ng batang don nang makahuma sa pagkabigla. “Hindi ito ang napag-usapan natin!”

“Why would I joke about something as big as this, Lucio? Alam nating pareho kung gaano kagulo at ka-unstable ang mundo ng kalakalan. Higante ang kompanya mo, pero nalulugi. Kami nama’y nagsisimula pa lamang.” Tumayo ang kapatid niya at dinampot ang pulang clutch bag sa ibabaw ng mahabang conference table. Tumayo na rin siya. “Naniniguro lang ako, Mr. Trinidad. Now if you really want that merger, which I know full well you do, I trust you to arrive at the right decision.”

Tinungo ni Margarita ang pinto. “And, by the way, you’d better find your daughter... and fast. You have one month. *Au revoir.*”

Bago sila tuluyang nakalabas ay nakita niya ang matinding pagkabagabag na gumuhit sa mukha ni Lucio na noong una'y tila yari sa bato.

Hindi pa man nag-uumpisa ang misa ay batid niyang pinagchi-chismisan na siya ng mga panauhin. This wedding was just a front to begin with. Pero ngayong dalawang oras nang late ang mapapangasawa niya, may bago na namang paksa ang mga chismosa nilang bisita.

Alam niyang walang naniniwala sa mga panauhin nila na bunsod ng isang wagas na pagmamahalan ang kasalang ito. Why should they? News of the Trinidad-Montecillo wedding was spread far and wide all right, pero wala ni isang okasyon ang idinaos upang ipagdiwang ito, not even an engagement party. Ni wala silang public appearance ng mapapangasawa niya.

Who are they to complain? he thought dispassionately.

Siya nga ay hindi pa nakikita ang 'maalamat' na si Ma. Laika Trinidad. Ngayon pa lang kung sakali, sa mismong araw ng kasal nila.

Well, he had glimpses of her. Mga litrato. She was

the darling of the society pages. Not just because she was the ultimate party-goer, but because she loved to draw attention to herself by brewing scandals.

Kung pagbabasehan ang mga larawan, mataas ang kalibre ng kagandahan nito. She had the face and the body of a goddess. At aminin man niya o hindi, naku-curious siya rito. Kahit pa sabihing he would give up his womanizing ways *not* to tie the knot with her. Hindi dahil wala siyang pag-ibig para rito kundi dahil ayaw niyang patali sa isang relasyon. Just thinking about spending the rest of his life in monogamy made his insides constrict.

“Relax, brother dearest.”

“Ate...” he warned.

“You need not be this tense. Darating sila,” paniniyak ni Margarita. Kinuha nito ang kanyang kamay, na hindi niya namalayang mahigpit na nakakuyom.

“Relax,” muling udyok ng kapatid.

“How can you be so sure?” he asked through gritted teeth. “Mapapahiya tayo pag nagkataon, lalung-lalo na ako.”

“Hush, Marcus. I will not allow the Trinidads—

particularly that odiferous, overly spoiled brat, Laika—trample on your precious, macho pride. Trust me on that. Or should I say, trust Lucio Trinidad on that.” His stepsister’s smile belied sinister motives.

Inilibot nito ang paningin sa loob ng higanteng cathedral, wari ay may hinahanap. “So, none of your women turned up.” She turned to him and flashed her megawatt smile. “Ito ang totoong ipinagmamaktol mo, hindi ba? You’re afraid to lose face in front of your women, their absence notwithstanding. Just imagine, the notorious skirt-chasing Marcus Montecillo, ditched in the altar. Oh, they will rejoice.” Tumawa ito.

Nagtagis ang bagang niya.

“Oh, what’s with the look? Chill. Hindi ka mapapahiya. Alam kong gagawin ni Lucio ang lahat, para matuloy ang kasal na ito. He needs this more than we do.”

Nagkaroon ng komosyon sa bukana ng simbahan. Mayamaya pa ay lumantad na ang nakangising si Lucio Trinidad.

“You see? I told you he will do everything. Including, pardon the term, selling his own flesh and blood.” Margarita Montecillo turned and walked

down the side of the aisle, her head held high, her movement cat-like, a wide, welcoming smile plastered on her face. “I thought you’d never make it,” dinig niyang salubong nito kay Lucio.

Makaraan ang ilang sandali, nanaig ang katahimikan sa loob ng cathedral. Ilang saglit pa ay pumailanlang ang musikang magdadala sa kanyang mapapangasawa sa harap niya.

His soul was screaming in protest, his deepest instinct was telling him to run. Pigil niya ang sariling gawin iyon.

Natunaw ang lahat ng pagnanais niyang tumakas nang makita ang kanyang bride. She was the perfect vision in her long, flowing frock. Her lace veil almost touched the carpet as it delicately covered her face. Para itong anghel. Hindi na niya halos maikurap ang mga mata sa pagkakatitig dito.

Habang papalapit ang mag-ama, hindi magawang supilin ni Marcus ang kakaibang pananabik na umusbong sa kanyang puso. Parang bigla, gusto na niyang maikasal dito. Agad. Nang makalapit ang mga ito sa kanya, his heart was ready to explode.

Will you stop hammering? inis na sita niya sa kanyang puso.

Bahagyang nakatago sa likod ng nakangiting si Lucio ang anak nito. Nakayuko ang ulo ng dalaga kaya hindi niya maaninag ang mukha nito, bukod pa sa natatabingan iyon ng belo. She was also clutching her father's arm as if holding on to dear life.

“Ibinibigay ko na sa 'yo ang pangangalaga sa aking anak.”

Inilahad niya ang palad kay Laika. Lucio seemed over-eager to give his daughter's hand to him, habang ang anak nito ay halatang hindi bukal sa loob na hawakan ang kamay niya. Kinailangan pa itong puwersahin ng ama.

Nasaling ang pride niya. He grabbed her hand with subtle force. Nang akmang babawiin nito ang kamay, nagsalita si Lucio.

“Hindi mo kailangang gawin ito, *Anak*. Hindi mo kailangang isakripisyo ang sarili mo para sa 'kin,” madamdamin nitong sabi.

Napakunot-noo si Marcus. Litong pinagmasdan niya ang mag-ama.

Nagtaas ng ulo si Laika at bumaling sa ama. “Gagawin ko po ang lahat para sa inyo... k-kasi, kasi mahal na mahal ko po kayo.”

His shock came in powerful waves. Isang maliit na bahagi ng kanyang utak ang nagtataka sa sinabi ng dalaga. Sa pagkakaalam niya, abot-langit ang suklam nito sa ama. The greater part of him was marveling at the voice he heard speak. It was the voice that lulled the angels to sleep, not at all what he had expected. At mahina man ang tinig ng babae, dinig niya ang sinseridad sa sinabi nito.

“Maraming salamat, Anak.”

Nang yakapin nito si Laika, nakita niya ang tagumpay sa mukha ni Lucio Trinidad. The urge to punch the bastard in the gut was so strong, it surprised Marcus. *Wala itong konsyensya.*

Muli niyang kinuha ang kamay ni Laika at kahit naka-lace gloves ito, dama niya ang tila nagyeyelo nitong palad. Nang hapitin niya ang katawan nito upang alalayan patungo sa altar, nanigas ang dalaga. Lihim niyang naikuyom ang kamao.

If she doesn't want this, I sure as hell feel the same!

Hindi niya maintindihan kung bakit ang sama ng epekto sa kanya ng reaksyon nito. “I don't give a shit if you don't want to do this. Pero huwag kang magkakamaling ipahiya ako.”

Hindi niya napigilang magbanta nang

maramdaman ang matinding pangininginig ng dalaga. Ayaw niyang isipin, ngunit mukhang takot madikit sa kanya si Laika.

Nang sa wakas ay dumating sa puntong kailangan nang selyuhan ng halik ang kanilang pag-iisang dibdib, muling bumangon ang kanyang pananabik.

Na dagling nabura nang maitaas niya ang belo ng asawa.

Lord, she was beautiful. She had the brownest, roundest, softest eyes he had ever seen. At ang mga matang iyon ay kasalukuyang sumasalamin sa matinding takot—as though she was facing, for the first time, her demons.

Noon niya nalaman na ang babaeng pinakasalan niya ay hindi si Ma. Laika Trinidad.

Pakiramdam ni Angela ay unti-unting nauubos ang hangin sa paligid. Ang belo na siyang natitirang harang sa pagitan niya at ng estrangherong pinakasalan niya ay wala na. Sa unang pagkakataon ay nasilayan niya ang kanyang asawa, at sa hindi maipaliwanag na dahilan ay lalong nagwala ang kanyang nagririgodong puso.

Natigil ito sa pagtaas ng kanyang belo and for a fraction of a second, their eyes met. Kumunot ang noo nito, wari’y may nakitang hindi tama. Ibinaba nito ang mahaba niyang belo at gayon na lang ang hindik niya nang sumukob ito doon.

Dahan-dahang nawala ang espasyong nakapagitan sa kanila at pakiramdam niya’y hindi na niya kayang huminga. Nang halos magdikit na ang kanilang mga labi, nagsalita ito.

“Tradition dictates the groom to kiss his bride,” anitong nakatingin sa kanyang mga labi. Kapagkuwan ay tiningnan siya nito sa mga mata. “There’s no need to look so panic-stricken, *Angel*. I’ve never been one for tradition. But you see, people expect us to kiss. So, let’s just put on a show.”

He tilted his head slightly and said, “Lalabas na ako. Hahayaan nating manatiling natatakpan ’yang maganda mong mukha. May I suggest you use the time rearranging that horrified look on your face. Kakakasal mo lang, you should be glowing with happiness.”

Iyon lang at umalis na ito sa pagkakasukob sa kanyang belo. Nakakabinging palakpakan ang sumunod nang iharap siya nito sa mga tao. Nanulay ang mainit na daloy ng kuryente sa kanyang pagkatao

Angel Heart - Arianne Cole

nang hapitin siya ng lalaki palapit sa katawan nito. Bago pa siya makapag-react, pabulong itong nagsalita. “Hindi ikaw si Ma. Laika Trinidad.”

Nanginig siya. “H-hin... h-hindi.”

2

Matapos silang magpakuha ng litrato at magpasalamat ni Marcus sa lahat ng pagbati, iginiya siya ng asawa patungo sa bridal car. Hindi ito nagsalita nang alalayan siyang lumulan doon. Bago nito tuluyang maisara ang pinto, isang kamay ang pumigil dito.

“I’ll see you at the reception, Dearest,” anang isang maganda at sopistikadang babae. “You too, Laika dear.”

“Kailangan nating mag-usap, Ate. And something tells me we need to include Lucio.”

“Mamaya na pagkatapos ng reception, Marcus.”

“No! We need to talk. Pagkarating na pagkarating natin sa *Dusit*, tell Lucio to meet us in the bridal suite. Something...” Nilingon siya nito. “...unexpected has come up.”

Hindi ito nagsasalita habang nasa biyahe sila. Ni hindi siya nito tinatapunan ng tingin, ngunit sa kabila niyon tuloy pa rin sa pagtambol ang kanyang puso.

“Get out,” utos ni Marcus matapos siyang pagbuksan ng pinto. Walang anumang sumunod

siya. “Puwede bang huwag kang yumuko? May stiff neck ka ba? Paano mo makikita ang nilalakaran mo kung ganyang sa sahig ka nakatingin?” iritadong sita nito nang muntik na siyang mabangga papasok ng elevator.

Napilitan siyang magtaas ng tingin, nakatakip pa rin sa mukha ang belo. Hindi ito nag-abala na alalayan o hintayin siya nang bumukas ang elevator.

Pinasok nila ang magarang silid kung saan siya dali-daling nagbihis kanina.

“For God’s sake, close the damn door!”

Tarantang tumalima siya, ngunit bago niya maisara ang pinto ay pumasok ang kanyang ama at ang sopistikadang babae kanina.

“Magdahan-dahan ka sa pananalita mo, Marcus. Isang Trinidad ang kausap mo,” ani Lucio.

“Is she?”

“What do you mean?” tanong ng kapapasok lang na ate ni Marcus.

“That’s not Laika Trinidad,” sagot nito sabay turo sa kanya.

“What?” sigaw ng babae.

Nilapitan siya ni Marcus. “Itaas mo ang belo mo,” utos nito, subalit hindi niya magawang kumilos. “Now!”

Napapiksi siya at nanginginig na sumunod. Nasindak siya nang hawakan nito ang baba niya at itaas ang kanyang mukha.

“What are you talking about Marcus? She’s Laika,” kunot-noong tanong ng kapatid nito.

“No, she’s not.”

“How do you know?”

“Because she told me so!”

Sandaling nabalot ng katahimikan ang silid habang nagpalipat-lipat ang tingin ng babae sa kanilang tatlo. Kapagdaka’y bumaling ito sa don. “Ano’ng ibig sabihin nito, Lucio?”

“Hindi nga siya si Laika.” Lumapit sa kanya ang ama. “Margarita, Marcus, ipinakikilala ko sa inyo ang aking bunso, ang kakambal ni Laika, si Ma. Angela Trinidad-Montecillo.”

Sabay na napaawang ang bibig ng magkapatid. Hindi agad nakapagsalita ang dalawa.

“Pinaglalaruan mo ba kami, Lucio?” tanong ng

ate ni Marcus.

“Laika ran away again last night. I didn’t have any choice.”

Siya naman ang napamaang sa sinabi ng ama. Hindi nito sinabi sa mga Montecillo ang tungkol sa paglalayas ni Laika? At maliwanag din na hindi alam ng mga ito na may kakambal si Laika. Hindi niya masisisi ang mga ito sa naging reaksyon.

“But it was Laika—”

“Nagrereklamo ba kayo?” putol ng kanyang ama. “Una sa lahat, you were the ones who insisted on this marriage. Pangalawa, I can’t remember you citing Laika specifically to be the bride. Ang sabi n’yo noon, magkakaroon lang ng merger kung maikakasal si Marcus sa anak ko. Well, Angela is my daughter. Isa siyang lehitimong Trinidad. I guess it’s obvious enough, but you can always check if you like.”

Walang maapuhap na sagot ang magkapatid.

“Well, I guess that settles everything.” Tinungo ng papa niya ang pinto. “You’d better show yourselves at the reception. Soon. Or the guests will be wondering.” Iniwan na sila nito.

Nagpa-panic na sinundan niya ng tingin ang ama.

Gusto niya itong habulin at sabihing huwag siyang iwan, pero ayaw gumalaw ng kanyang mga paa.

Nilukob ng nakabibinging katahimikan ang silid.

“Angela, could you give me a moment with my brother please?” pakiusap ni Margarita.

Tumalima siya nang iminuwestra nito ang isang pintong nasa loob din ng silid. Wala sa sariling naupo siya sa kamang naroon matapos isara ang pinto.

Wala pang dalawampu't apat na oras nang lumapit sa kanya ang ama at magmakaawang tulungan niya. Wala siyang pagsisisi, pero di niya mapigilang makadama ng agam-agam sa naging pasya.

Ilang saglit pa ay bumukas ang pinto at pumasok si Margarita. Pinagmasdan siya nito. Hindi niya matagalan ang panunuri nito kaya nagbaba siya ng tingin. Umupo ito sa tabi niya. “Angela?”

Hindi siya sumagot, nanatili lamang nakayuko.

“Can you look at me please?” matamis nitong utos. “That’s better. Now, Angela, Sweetheart, hindi mo kailangang matakot sa akin o sa asawa mo. We are not blaming you for what happened today. Natural lang siguro na masorpresa kami. Nevertheless, we are

prepared to welcome you as the newest member of the family. Naiintindihan mo ba iyon?” tanong nito na para bang isa siyang bata.

At katulad ng isang bata, masunurin siyang tumango.

“Where have you been all these years? Ang pagkakaalam namin, nag-iisang anak ni Lucio si Laika.”

May munting kurot na gumuhit sa kanyang puso. Masakit makumpirma na walang alam ang mga ito tungkol sa kanya. Had her father purposely hid her existence? Bakit?

“S-sa *St. Therese of Lisieux* po,” sagot niya, na pinilit huwag pansinin ang mga tanong sa kanyang isip.

Kumunot ang noo ng kausap niya.

“*St. Therese of Lisieux N-Nunnery* po,” linaw niya.

“Jesus, Mary, and Joseph!” a loud voice declared.

Nagulantang siya sa lakas ng boses. Napaantada siya sa paggamit nito ng mga sagradong pangalan. Sumirko ang puso niya nang makitang nakasandal si Marcus sa hamba ng pinto.

Magkagayon man, naeskandalong napatitig siya rito, truly offended on the Lord's behalf. "Huwag na huwag mong gagamitin ang mga pangalang iyan kung hindi malinis ang ibig mong ipakahulugan," saway niya, kuhang-kuha ang matigas na anyo at tono ng kanilang madre superiora.

Natawa si Margarita. Si Marcus ay dumilim ang anyo. Namumulang napayuko siyang muli.

"You really are from the nunnery, aren't you? Well, this is certainly unexpected. And I'd have to admit, your father certainly outdid himself this time." Tumayo si Margarita. "Tiyak magiging makulay ang mundo ng kapatid ko, with you by his side."

Walang naging sagot si Marcus doon. Mas lalo na siya.

"Shall we go downstairs?" imbita ni Margarita.

"You go."

"Marcus—"

"Ginawa ko na lahat ng gusto mo, Ate. Don't ask me for more than what I had to do."

Hindiniyaalamkunganoangdapatmaramdaman sa pahayag nito. Matagal bago sumagot si Margarita. Ramdam niyang sinusukat nito ang determinasyon

ng kapatid. Pagkuwa'y bumuntong-hininga ito. "Very well."

Napabuntong-hininga rin siya. She didn't realize she was holding her breath until then. Sa dami ng nangyari sa kanya nitong mga nakalipas na oras, hindi niya alam kung kakayanin niyang makiharap sa ibang tao at magkunwari.

"Saan ka pupunta?" tanong ni Margarita nang talikuran sila ng kanyang asawa.

"Who cares?"

Narinig niyang bumukas-sara ang pinto.

Lumundo ang kama nang muling maupo sa tabi niya si Margarita. Inakbayan siya nito. "Siguro mas mabuti na ring hindi kayo um-attend ng reception, Angela. This has been a long day for both of you. I'm sorry."

"W-wala ho 'yon," aniyang mabigat ang dibdib.

"Gusto mo bang manatili muna dito? Or would you like me to send you to your new home?"

"D-dito ho muna ako." Baka hanapin siya ng ama.

"Okay. Ganito na lang, pagkatapos makaalis ng

mga bisita mamaya, saka na kita ihahatid sa bagong bahay ninyo ni Marcus.”

Tumango lang siya.

“By the way,” dagdag nito, “pagpasensyahan mo na si Marcus. Katulad mo, hindi rin madali para sa kanya ang arrangement na ito. Give him time, okay?”

Nagtaas siya ng tingin at sinalubong ang mga mata nito. Marahan siyang tumango.

“Good.”

Lumabas na ito at naiwan siyang mag-isa, kasama ng samu't saring emosyong sabay-sabay na umahon sa kanyang dibdib. Hinayaan niyang tumulo ang luha. Hiling niyang maibsan sa bawat patak ang nararamdaman niyang panghihinayang para sa pangarap niyang hindi na matutupad, at mawala ang takot para sa kinabukasan niyang sindilim ng gabi.

Naisip niya ang ama. Ito ang tanging dahilan kung bakit siya pumayag na magpakasal sa isang estranghero. Ito at ang kanyang kakambal, at ang pagkakataong makasama ang mga ito. Nawala man si Laika, umaasa siyang makikita at mayayakap niya ang kapatid pagdating ng panahon.

Humiga siya sa kama at doon hinintay na matapos ang reception. Sabik siyang makitang muli ang kanyang ama, kahit para magpaalam lang muli dito. Marami siyang gustong itanong dito. Tungkol sa kanyang kakambal, tungkol sa naging pamamalagi niya sa kumbento, tungkol sa kanyang ina.

Nakatulugan niya ang mga tanong na iyon. Nang magising siya, nakatayo sa paanan ng kama si Margarita, no doubt watching her sleep. Naasiwa siya sa paraan ng pagkatitig nito sa kanya.

“S-si Papa?”

“He left two hours ago. Marami pa daw siyang tatapusing trabaho. Were you expecting him? I’m sorry.”

Pilit siyang ngumiti sa kabila ng pamimigat ng kanyang puso. “A-ayos lang po. Gusto ko lang sanang magpaalam sa kanya.”

“Gusto mo bang dumaan muna tayo sa kanya bago kita ihatid sa bahay ninyo ni Marcus?”

“Huwag na. Baka marami din po kayong kailangang gawin. Dadalawin din naman siguro ako ni Papa.” Ewan niya, pero parang hindi siya sigurado sa sinabi.

“He will,” sang-ayon ni Margarita, pero hindi nito magawang itago ang sarkasmo sa tinig. “Halika na?” Inilahad nito ang palad sa kanya.

Ikatlong araw na niya sa magarbo at mala-palasyong bahay nila ni Marcus. Tatlong araw na rin siyang naghihintay sa pagdalaw ng kanyang ama. At sa pag-uwi ng kanyang asawa.

Hindi siya gaanong malungkot dahil may mga kasama naman siya. Si Celestina—ang istriktang mayordoma, at si Peewee—ang dalagitang kinaaaliwan niya. Ayon dito, *inampon* ito ng mga Montecillo mula sa lansangan ng Tondo.

“Señorita Angela, mag-merienda muna kayo.” Napangiwi siya sa paraan ng pagtawag nito sa kanya. “Bakit, ayaw n’yo?” tanong nito, ang mga mata ay nakatuon sa hawak na tray. “Masarap ito. Masarap nga ba? Matikman nga.”

“Peewee, huwag mo na akong tawaging señorita,” hiling niya sa dalagita. Isinubo nito nang buo ang biskuwit.

“Ayaw n’yo?” alok ulit nito, may nakabiting pagkain sa bibig.

“Busog pa ako,” aniyang naupo sa harap nito.

“Sayang kayo kung ganoon. Ako pa naman ang naghanda sa inyo,” kausap nito sa mga tinapay.

“Sige na, ikaw na lang ang kumain para ‘di sila masayang.”

“Talaga? Pero para sa inyo ito, eh,” pag-aalalangan nito, though half the biscuits were gone.

“Sa iyo na ang mga ’yan, pero sa isang kondisyon. Huwag mo na akong tawaging señorita.”

“Bakit nga?”

“Hindi ako sanay,” simpleng tugon niya.

“Ano’ng gusto n’yong itawag ko sa inyo? Alangan namang Sister.”

Kunwa’y nag-isip siya. “Hmm... puwede. Ibig sabihin noon, kapatid na babae.”

“Sige, tatawagin kitang Sister Angela at ako naman tatawagin mong Sister Peewee at si Celestina... si Madre Superiora!”

Napabunghalit siya ng tawa, while Peewee proceeded on an accurate imitation of Celestina’s expression. Tawa siya nang tawa. Nasa ganoong sitwasyon sila nang mapuna si Marcus. Agad siyang

nahinto nang makita ito.

“Bakit?” tanong ni Peewee, “hindi ba nakakatawa?” At pinag-igi pa nito ang panggagaya kay Celestina sa tuwing lumalaki ang butas ng ilong ng huli dala ng galit.

Nang hindi pa rin siya tumawa, natahimik si Peewee.

“Isusumbong kita kay Celestina, Peewee,” ani Marcus.

“Tol!” galak na bulalas ni Peewee at sinugod ng yakap si Marcus. “Nandito ka na. Saan ka ba nanggaling?”

“D’yan sa tabi-tabi.”

“Kawawa ka naman. Tatlong araw ka na pa lang palaboy-laboy. Kaya pala iba na ang amoy mo.” Sininghot nito si Marcus bago bumunghalit ng tawa. “Iniligaw ka ba ni Margarita?”

Pabirong sinapok ito ni Marcus. “Ikuha mo na nga lang ako ng maiinom.” Hindi nito pinansin ang malakas na aray ni Peewee.

“Ano’ng gusto mo? Tubig, juice, beer, tsaa, kape... o lason?”

Kumaripas ito ng takbo bago makasagot si Marcus. Dali-dali siyang tumayo.

“Saan ka pupunta?” pigil ng asawa sa braso niya.

Tila napapasong sinubukan niyang makawala sa pagkakahawak nito. “T-tutulungan ko lang si Peewee.”

“Kadadating ko lang, iiwan mo na ako.”

“Pakiusap, bitawan mo ako.”

Hindi siya nito binitawan, sa halip, hinawakan nito ang kanyang magkabilang balikat. Dahil hindi siya makawala, nag-iwas na lamang siya ng tingin.

“Angela, kung hindi ka komportable na hinahawakan, di sige.” Binitawan siya nito. “But if we are going to live as husband and wife, you have to at least look at me. Hindi naman siguro ako ganoon kapangit para di mo masikmurang tingnan,” naiiritang patuloy nito nang hindi siya tuminag. “May mga sungay ba ako sa paningin mo?”

Hindi pa rin siya nagtaas ng tingin, sa halip ay napaatras pa. Nagagalit na kasi ito. Minsan na itong nagalit sa kanya and it brought a very unpleasant feeling. Sa malas, mas ikinagalit nito ang ginawa

Angel Heart - Arianne Cole

niya. “Itaas mo iyang mukha mo or I’ll do it for you!”

3

Kaybilis ng sumunod na pangyayari. Bigla na lang umigkas ang paa niya at tumama iyon sa maselang bahagi ni Marcus. Humakbang kasi ito palapit sa kanya at tinangkang hawakan ang kanyang mukha. Nataranta siya, and she acted on pure reflex.

Ngayon ay nakabaluktot ang malaking buldo ng katawan nito dahil sa sakit. Hawak-hawak nito ang nasapol na... k-kuwan.

Hindi niya malaman ang gagawin. Nasaktan niya ito, hindi man sinasadya. And he seemed to be in great agony. Gusto niya itong tulungan, pero natatakot siya. Lumapit-dili siya rito. Pero sa huli, nanaig ang takot niya at kumaripas siya ng takbo papuntang kuwarto. Nag-lock siya ng pinto, nag-dive sa kama at nagtalukbong ng kumot.

Ano ba ang nangyayari sa kanya? Hindi siya dating ganito. Oo nga at wala siyang naging ibang mundo kundi ang kumbento, pero hindi siya ganoon kaignorante pagdating sa ibang tao, kahit na sa mga lalaki. May mga katuwang silang lalaki sa kumbento at marami rin siyang nakakasamang lalaking volunteers sa tuwing may community service ang *St. Therese*.

Kay Marcus lang siya ganito. There was something dangerous about him. Sa tuwing titingnan siya nito, naninindig ang balahibo niya. Huwag nang idagdag na para siyang nakukuryente kapag hinahawakan siya nito.

Ilang sandali pa ay kumalma rin siya. Ngunit tinutuligsa pa rin siya ng kanyang konsyensya. Hindi niya dapat ginawa iyon. O tinulungan man lang sana niya ito. Matapos ang halos tatlumpong minutong pakikipag-debate sa sarili, lumabas siya. Sumilip siya sa salas, nandoon pa rin si Marcus, nakaupo sa sofa at pinagtatawanan ni Peewee.

“Napakamanyakis kasi ng dating mo kaya natakot sa 'yo si Sister,” narinig niyang sabi ng dalagita.

“Heh! Ikuha mo ako ng icepack.”

Bago pa makakilos si Peewee, sumugod na siya sa kusina at kumuha ng icepack. “Ako na,” aniya nang dumating si Peewee roon.

“Sigurado ka? Baka mamaya, sipain mo uli 'yong pobre. Sige ka, di kayo magkakaanak n'yan,” panunukso nito.

“Hindi ko naman sinasadya.”

“Peewee, icepack!” sigaw ni Marcus.

“Sige na, dalhin mo na ’yan doon, bago pa tuluyang humulagpos ang pasensya n’on at magwala,” pananakot pa ni Peewee.

Parang ayaw na tuloy niyang ihatid ang icepack.

“Peewee!”

“Sige na.” Itinulak siya ni Peewee palabas ng kusina.

Nanginginig ang mga tuhod na lumapit siya kay Marcus.

“Ba’t ba ang tagal m—you!”

Angela summoned up all her courage not to bow her head. With knees like jelly, lumapit siya rito. Napasiksik si Marcus sa sofa, tila natatakot na malapitan niya.

“H-heto...” Iniabot niya ang icepack dito.

Marcus looked at it as if trying to make sure it won’t bite. Kinuha rin nito iyon.

“I’m sorry,” aniyang sa unang pagkakataon ay derechong nakatingin sa asawa. Naghinang ang kanilang mga mata. And this time, hindi siya nakadama ng kung anong kakaiba. Ang totoo, she found looking into his eyes to be a wonderful feeling.

Marcus felt something he couldn't name when Angela's eyes met his. Ito ang unang tinging ibinigay nito sa kanya na walang bahid ng takot o pagkailang.

And he found himself looking away from those soft brown eyes. Somehow, those eyes made him feel deeply uncomfortable, katulad ng damdaming lumukob sa kanya noong itaas niya ang belo nito noong araw na ikasal sila.

Tumikhim siya, as if to force the words out of his mouth. "Wala iyon," brusko niyang saad.

Pinulot niya ang katabing throw pillow at iyon ang pinagkaabalang likutin. Hindi niya malaman kung ano ang gagawin sa ibinigay nitong icepack. He felt embarrassed at the thought of pressing the damned thing to his manhood while she stood and watched over him.

"May maitutulong pa ba ako sa iyo?" tanong nito.

He could tell that she was feeling immensely guilty about his injury. Nalilito rin ito kung ano ang sunod na gagawin. Nang umakto itong lalapit sa kanya, bigla siyang napatayo. Nabitiwan pa niya ang hawak na icepack at throw pillow.

Agad pinulot ni Angela ang mga iyon. Nang bumaling ito sa kanya, napaatras siya at napangiwi—his *thingy* ached.

“Okay ka lang? M-masakit pa ba?” Angela fussed, her eyes swimming with concern, and with—oh—so much innocence.

An ache, quite unrelated to his throbbing thingy, was slowly spreading—from down up, inside him. Napaatras siyang muli.

“I need to... a—ouch! Son-of-a—!” Nabunggo niya ang mesita at muntik pang tumambling kung hindi niya agad naitukod ang kamay. “I’ll go ahead,” deklara niya at mabilis pa sa alas cuatro na nilisan ang sala.

Nang marating niya ang kusina ay napahinto siya at hinagod ang nalamog na hita. What on earth was wrong with him? Kailan pa siya natakot sa isang babae?

“O, ano’ng nangyari?” ani Peewee. Umiinom ito ng juice mula sa pitsel.

“Wala! Maliligo ako sa pool, Peewee. Bring me a towel. And for God’s sake, gumamit ka nga ng baso,” irritable niyang tugon, bago iika-ikang tumuloy sa swimming pool.

It took him six laps to calm his nerves and for the pain in his knees and crotch to fade into oblivion. Daig pa niya ang nakikipagkarera sa Olympics kung makalangoy. He was trying very hard not to think. Ayaw niyang isipin ang nangyari sa sala kanina. Nag-iinit ang pakiramdam niya sa tinamong kahihyan.

Nakita niyang palapit si Peewee dala ang hiningi niyang towel. Nakapagkit ang isang malisyosang ngiti sa mga labi nito. “Muntik ka daw madapa kanina,” walang patumpik-tumpik nitong anunsyo bago bumunghalit ng tawa. “Kawawa naman you, basag na nga ang—”

Hinila niya si Peewee bago pa man nito matapos ang pang-aasar. There was a great splash of water when she fell into the pool.

“Anak ka ng p-putakti, Marcus!” Uubo-ubo ito nang makaahon. “Isang baso ng tubig ang nalunok ko!”

“Buti nga sa ’yo!” parang batang asik niya. “Napaka-alaskador mo kasi.” Kinuha niya ang tuwalyang dala nito at pansamantalang tinuyo ang sarili. Mamaya na ulit siya lalangoy.

Marcus was swimming halfway down the pool

when she stepped outside. Hinintay niya ito sa dulo kung saan ito aahon.

Ineksamin niya ang laman ng tray. Ayon kay Celestina, mabigat kung mananghalian si Marcus, kaya nag-uumapaw ang inihanda niya—java rice, pochero, tatlong hiwa ng mangga, isang platito ng brownies na siya ang gumawa at isang jug ng carrot juice. Hiling niyang sana ay magustuhan nito iyon.

Nang muli niyang sinuyod ang pool, wala na si Marcus doon. Gayon na lang ang pagkagulat niya when his head popped out of the water right beneath her feet. Kumapit ang mga kamay nito sa railings ng pool at nagsimulang umakyat.

Pakiramdam niya ay naparalisa ang kanyang katawan. Gusto niyang umatras pero nakapagkit ang kanyang mga paa sa semento, tulad ng kanyang mga matang walang kakurap-kurap na nakatuon sa likod ni Marcus. A fierce dragon was tattoed from the small of his back toward his left arm.

Sa tanang buhay niya, ngayon lang siya nakakita ng lalaking walang t-shirt. She wanted to look away and to continue looking at the same time. He was just so beautiful, so unlike any man she had ever seen.

For one, kalbo ito, well, not exactly. He had an

inch of hair left. Kahit nakalubog ang kalahati ng katawan nito sa tubig, one could tell that he was tall. Maganda ang hubog ng katawan nito, parang nililok ng isang mahusay na iskultor. Even though he was not heavily muscled, his long, lean limbs were taut and strong.

Nang isang paa na lang nito ang nakalubog sa tubig, bigla itong tumingala, and she was treated to the most beautiful face she had ever seen. Lahat sa mukha ni Marcus ay perpekto: matangos ang ilong nito, manipis ang mapupula nitong mga labi na bahagya pang nakaawang dala ng pagkagulat.

“Wh—”

Hindi nito natapos ang sasabihin sapagkat nadulas ito at tumama sa bakal na hawakan ang ilong nito. And as if that wasn't enough, pati noo nito ay lumagapak doon.

“Marcus!” sigaw niya, casting the tray aside. “Marcus!” Lumuhod siya at inabot ito. She saw drops of blood in the water and was horrified to see that his nose was bleeding. “Diyos ko... d-dumudugo ang ilong mo,” she informed him unnecessarily.

“I know that,” angil nito, muling kumapit sa railings.

Sinubukan niyang tulungan itong makaakyat ngunit tinabig nito ang kamay niya. Nabigla siya at bahagyang nasaktan, kaya minabuti na lamang niyang umatras.

Hindi niya malaman kung saan titingin nang tuluyan itong makaahon. Hindi niya akalaing *ganoon* kaikli ang suot nitong shorts. At dahil wala itong damit pang-itaas, nahantad sa kanyang inosenteng mga mata ang halos hubad nitong katawan. Awtomatiko siyang napayuko kaya hindi sinasadyang natuon ang kanyang paningin sa ibabang bahagi ng katawan nito.

Parang gagambang agad gumapang ang kilabot sa katawan niya. Napatalikod siya. Napaantada.

Hindi ko po sinasadya. Hindi ko po sinasadya, hingi niya ng paumanhin sa kahalayang nasaksihan.

Bakit kasi *ganoon* kaiksi ang suot nito? At bakit *ganoon* kahapit?

Para namang tukso, bigla na lang lumutang sa kanyang balintataw ang nakaumbok nitong... nitong... Nakagat niya ang nanginginig na hintuturo.

“Ah! Ow...” narinig niyang daing ni Marcus. Marahil masakit ang ilong nito. Gusto niya itong tulungan, pero natatakot siyang harapin itong muli at makita ang hubad nitong katawan.

Naramdaman niyang kumilos si Marcus at mula sa gilid ng kanyang mga mata, nakita niyang nagpahid ito ng ilong sa skirting ng mesang ang bubong ay kugon.

Naawa siya rito kaya pinilit niyang maging matapang. Kinuha niya mula sa bulsa ang isang panyolito.

“H-heto, Marcus,” nanginginig niyang alok, ang mga mata ay nakatuon sa semento.

“Get away from me! Sa tuwing lumalapit ka sa ’kin, nadidisgrasya ako. What did you have to startle me for?”

Napatingin siya sa mukha nito. The blood on his nose was starting to clot, may sugat din ang pasa nito sa noo.

“P-pasensya na, hin-d-di ko naman gustong g-gulatin ka, eh,” kandautal na sabi niya. “Inihatid ko l-lang ’yong pagkain mo.”

“Well, you shouldn’t have. Kaya nga ako umalis sa sala para malayo sa ’yo!”

Napayuko siya, nag-iinit ang sulok ng mga mata. “Pasensya na, hindi ko si-sinasadya,” aniyang may bikig ang lalamunan.

“Fine, I accept your apology. Now, will you please go?”

Gustong-gusto niyang umalis at magkulong sa kanyang kuwarto, pero hindi kaya ng kalooban niyang iwan ito sa ganoong kalagayan. Kaya kahit parang hihimatayin na siya sa sobrang takot dito, pinuwersa niya ang sariling manatili.

“Kailangang malapatan ng first aid a-ang mga sugat mo.”

“Didn’t you hear me? I said go! Get away from me!” pagtataboy nito, madilim ang anyo.

“P-pero—”

“Fine! I’ll go.” Iyon lang at iniwan siya nito.